# Joy B nagpasalamat sa QC council

Pinasalamatan ni incoming Quezon City Mayor Joy Belmonte ang mga konsehal na bumubuo sa 20th City Council dahil sa masigasig na pagtutulungan upang makapagpasa ng mga batas na magbibigay ng tulong at pag-aangat sa buhay ng mga taga-lungsod.

Sa kanyang Ulat sa Bayan, sinabi ni Belmonte na sa mga naipasang batas ng konseho ay pawang may malaking naiambag - na kabutihan sa mga taga-QC partikular ang batas sa health and sanitation, housing, education, kampanya laban sa illegal drugs at infrastructure.

Tiniyak din ni Belmonte na sa ilalim ng kanyang administrasyon ay kasama ang lahat sa pag-unlad at ito ay mararamdaman ng bawat mamamayan ng lungsod.

"Nagpapasalamat ako sa inyong lahat na naging pamilya ko ng tatlong taon at ang iba ay anim na taon," sabi ni Belmonte sa harap ng mga konsehal ng 20th council.

Binati din nito ang bagong mga konsehal na kasama na sa susunod na council na magpapayabong pa ng mga batas ng lungsod.

Umaasa din siya na mapagyayaman din ng susunod na Vice Mayor ng QC ang ilan sa kanyang mga naipatupad na programa na nagbigay ng mga pagkilala mula sa ibat ibang tanggapan sa pribado at sa gobyerno man. *(Angie dela Cruz)*